## MGA HAKBANG

1. Pumunta sa nakakasakop na *Department of Agriculture Regional Field Office (DA-RFO)* at iabot sa *Regional GAHP Team* ang *application form* at mga *documentary requirements.*

2. Bibisita sa inyong sakahan ang mga *pre-assessor* mula sa *DA-RFO* upang masuri ang pagsunod sa *GAHP standards.* Ang mga nakapasa ay ieendorso sa pambansang *GAHP secretariat.*

3. Ang pambansang *GAHP secretariat* ay mag-*schedule* ng inspeksyon sa inyong bukid; kasama sa grupo ang mga *National* at *Regional GAHP Inspectors.*

4. Ang mga *inspector* ay sisiyasatin ang mga pasilidad sa inyong bukid gaya ng kulungan at pabahay sa hayop, imbakan ng pagkain, tapunan ng mga basura, *feed mill*, at taguan ng mga gamut at kemikal, kung ano man ang naangkop sa pagpapatakbo ng bukid.


5. Para sa *transparency* at *traceability*, sisiyasatin din ng mga *inspector* ang *recording* at *identification system* ng inyong bukid na maaaring kasama ang talaan ng *animal movement, procurement* at *administration records* ng pagkain, gamot, at *biologics*; at iba pang sertipiko, lisensya, o permit na kailangan sa pagpapatakbo ng bukirin.

6. Kahit anong makitang hindi pagsunod ay nangangailangang itama. Kung napatunayan na ang pamamahala ng bukirin at sumusunod sa *GAHP*, ang mga *inspector* ay ieendorso ang bukid upang mabigyan ng *certification.*


**DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON**
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A


"FOOD SAFETY at the FARM LEVEL"

# GAHP CERTIFICATION PROGRAM

## ANO ANG GOOD ANIMAL HUSBANDRY PRACTICES?

Ang *Good Animal Husbandry Practices (GAHP)* ay tumutukoy sa mga kasanayan upang masiguro ang kaligtasan sa pagkain sa produksyon, pag-aani, *post-harvest* handling ng *poultry, livestock*, at mga produkto nito.



## ANO ANG GAHP CERTIFICATION PROGRAM?

Ang *GAHP Certification Program* ng Kagawaran ng Pagsasaka ay siyang nagpapatunay na ang mga bukirin ay sumusunod sa *Philippine National Standards: Code of Good Animal Husbandry Practices*. Ang aplikasyon dito ay LIBRE.



GAHP

Good Animal Husbandry Practices

CERTIFICATE

Certificate number: 2021-00005
Farm ID number: R4A-QZLC-00095

Issued to

The Good Animal Husbandry Practices (GAHP) Certification Committee declares that the farm mentioned on this certificate has been found to be compliant with the requirements of
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Good Animal Husbandry Practices (GAHP)
PNS 263-2018

## LAYUNIN NG PROGRAMA

- Tiyakin ang kaligtasan at ginhawa ng mga manggagawa.
- Ang mga produktong pang-agrikultura ay ligtas at angkop na gamitin ng mga tao.
- Maisaayos ang pangangalaga ng mga hayop at pamamalakad ng bukirin.
- Alituntuning hindi nakakasira ng kalikasan.

## MGA SAKLAW

- Namamahala at manggagawa ng bukirin
- Lokasyon ng bukid
- Pasilidad para sa hayop
- Pamamahala ng bukid at kapaligiran
- Pagsusuri at pagtataya ng mga kasanayan



## MGA KAILANGAN

- *Duly Accomplished Application Form*
- *Farm Organization Profile*
- Maikling Kasaysayan ng Bukirin
- *Production Flow Chart*
- *Manual* ng Operasyon ng Bukid
- *Vicinity Map*
- Lisensya at *Permit* mula sa Bayan/Lungsod (kasama ang *zoning clearance*)
- *Certificate of Registration* (DTI/SEC/CDA/DOLE)
- *Environmental Compliance Certificate* o *Certificate of Non-Coverage* (DENR)
- *Animal Welfare Registration* (BAI)
- *Feeds/Feed Mill Registration* (BAI)
- *Handler's License* (BAI)
- *Land Transport Carrier Registration* (BAI)
- *Discharge Permit* (LLDA/DENR)